# Fact Sheet ng Code ng Pagkain #34

*Kung ano ang dapat mong malaman tungkol sa code*

WWW.HEALTHOREGON.ORG/ FOODSAFETY

## Pagpapatakbo ng Gawain sa Loob ng Mobile Food Unit

**OAR 333-162-0020, PANGKALAHATANG KAHILINGAN**
Sa kabila ng OAR 333-150-0000 Seksyon 5-305.11 (D) at mga subseksiyon (a) at (b) ng seksyong ito, ang lahat ng operasyon at kagamitan ay dapat maging mahalagang bahagi ng mobile food unit.

**OAR 333-150-0000, KABANATA 5-305.11**
**Mga Kinakailangan sa Sistema ng Tubig.**
(C) Ang lahat ng mga mobile food unit ay dapat na dinisenyo na may panloob na mga tangke ng inumin at maruming tubig sa loob ng sasakyan. Maaaring ikonekta ang mobile unit sa tubig at imburnal kung mayroon sa lokasyon ng pinaglalagyan, gayunpaman, ang mga tangke ay dapat manatili sa sasakyan sa lahat ng oras. Maaaring hindi ikonekta ang mobile food unit sa sistema ng malinis na tubig nang hindi rin kumukonekta sa isang aprubadong sistema ng imburnal. Ang mobile food unit na lisensyado bago ang Pebrero 1, 2020 kung saan inalis ang mga tangke ng tubig  at kaugnay na instalasyon ng tubo bago ang petsang iyon ay hindi hinihilingang mag-instila muli ng sistema ng tubig kung konektado ang sasakyan sa aprubadong sistema ng tubig at imburnal. [PF]
(D) Dapat na itigil ng mga mobile food unit na gumagamit ng mga tangkeng imbakan ng inumin at maruming tubig na wala sa loob ng sasakyan ang paggamit ng mga tangkeng ito ngayong Enero 1, 2023. [PF]

**MGAKADAHILANAN SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN:**
Sa buong estado, may mga problema sa mga bagay na ginagamit sa labas ng sasakyan na nakalapag lamang sa lupa sa palibot ng mobile unit na lumilikha ng mga lungga para sa mga insekto at daga. Pinalulubha ng mga kagamitang ginagamit sa labas ng sasakyan ang panganib ng kontaminasyon at  pagkasira ng pagkain dahil sa mainit na temperatura.

Karagdagan pa, naging suliraning pangkalusugan ng publiko ang mga tangke ng tubig sa labas ng sasakyan dahil sa natatapong maruming tubig at hindi wastong pagtatapon sa lugar, na kumokontamina sa mga daluyan ng tubig sa pag-ulan at nagpaparumi sa mga lawa at ilog.

Natatangi ang Oregon sa dahilang pinapahintulutan dito ang mga mobile food unit na magpatakbo ng gawain nang walang komisaryo kung inaprubahan ng lokal na kagawaran ng kalusugan. Ang komisaryo ay isang lisensyadong kusina para sa paghuhugas ng pinggan, pag-iimbak ng pagkain at paghahanda. Kung maipapakita ng mga nagpapatakbo na magagawa nila ang lahat ng ito sa ligtas na paraan sa loob ng kanilang mobile food unit, papahintulutan silang magpatakbo kahit wala silang lisensyadong komisaryo. Dapat panatilihin ng nagpapatakbo na nakakabit o nasa loob ng sasakyan ang lahat ng kakailanganin.

**“Nasa loob”, ibig sabihin, lahat ng gamit na may kaugnayan sa mobile food unit ay dapat na aktwal na nakakabit at naka-secure. Tawagan ang iyong lokal na inspektor sa kalusugan bago magkabit o mag-imbak ng anumang bagay sa labas ng iyong sasakyan**

Mga halimbawa ng gamit na **hindi** pinapahintulutan sa labas ng sasakyan ay mga refrigerator, freezer at tangke ng tubig/maruming tubig.

Hindi kailanman pinahintulutan ang mga ito sa Oregon, pero may mas mataas na priyoridad ang mga paglabag na ito. Binibigyan nito ng kakayahan ang mga inspektor na ipatupad ang mga ito tungo sa pagsulong.

Maliban na lamang sa mga Class 4 mobile unit na maaaring may **isang** kagamitan sa pagluluto sa labas ng sasakyan. Tingnan ang [Fact Sheet #20] para sa higit na impormasyon.

Mga **mabuting** halimbawa dahil nasa loob ang lahat ng gamit o nakakabit sa sasakyan:






Mga **hindi mabuting** halimbawa dahil may mga gamit sila sa labas:







Oregon Health Authority